ENERO 2025

Mahalagang paunawa mula sa Departamento ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services) tungkol sa:

# PINAHUSAY NA KOORDINASYON NG SERBISYO

## FACTSHEET

## Ano ang Dapat Malaman

Ang Pinahusay na Koordinasyon ng Serbisyo (Enhanced Service Coordination o ESC) ay isang serbisyong nakasentro sa tao. Itinatag para sa mga indibidwal mula sa mga komunidad na kulang sa serbisyo na gumamit ng mababa o wala ($0-$1,999) na Pagbili ng Serbisyo (Purchase of Service o POS) sa pamamagitan ng sentrong pangrehiyon. Ang bawat sentrong pangrehiyon ay pinagkalooban ng pondo upang magtatag ng isang takdang halaga ng mga dami ng kaso (caseload) ng ESC sa loob ng kanilang sentrong pangrehiyon.

## Mga Tampok

- Ang mga espesyal na sinanay na mga tagapag-ugnay ng serbisyo (service coordinator o SC) ay may mas mababang dami ng kaso ng ESC na 1:40.
- Ang mga mas mababang dami ng kaso (caseload) ay magbibigay-daan sa mga SC na dagdagan ang kanilang pakikipag-ugnayan sa mga indibidwal/pamilya sa ESC.
- Nagbibigay ang ESC ng mas mataas na koordinasyon at nakakatutok upang mapabuti ang access sa mga serbisyo ng sentrong pangrehiyon. Maaaring kabilang dito ang mga serbisyo tulad ng pahinga sa loob-ng-bahay/labas-ng-bahay (in-home/out of home respite) at mga pang-araw na programa para sa mga adulto.
- Ang mga SC ay nagbibigay ng patnubay upang matulungan ang mga indibidwal/pamilya na saliksikin ang sistema ng mga serbisyo ng mga kapansanan sa pag-unlad ng California, kabilang ang mga pangkalahatang serbisyo at suporta sa pamamagitan ng mga pampublikong ahensya at organisasyon. Maaaring kabilang dito ang mga serbisyo tulad ng CalFresh, Individualized Education Plans (IEP), Medi-Cal at Medicare ng isang bata.
- Ang Departamento ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services) ay magpapadala ng mga talatanungan (questionnaire) para mangalap ng komento (feedback) mula sa mga indibidwal/pamilya sa ESC.
- Ang ESC ay opsyonal. Maaaring piliin ng mga indibidwal/pamilya na umalis sa ESC anumang oras.

Makipag-ugnayan sa iyong tagapag-ugnay ng serbisyo (service coordinator) o sentrong pangrehiyon (regional center) para sa higit pang impormasyon sa Pinahusay na Koordinasyon ng Serbisyo (Enhanced Service Coordination o ESC). Ang karagdagang impormasyon ay matatagpuan din sa website ng DDS.

DDS Department of Developmental Services